Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING TATLONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG BIYERNES, IKA-7 NG ABRIL, 2006 SA GUSALING BATASAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD.

Mga Dumalo:

1. Kgg. ARLENE ARCILLAS-NAZARENO - Pang. Punong-lungsod, Namuno
2. Kgg. LAUDEMER A. CARTA - Kagawad
3. Kgg. JOSE C. CARTAÑO - Kagawad
4. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA - Kagawad
5. Kgg. RAUL P. AALA - Kagawad
6. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
7. Kgg. ARNEL DC. GOMEZ - Kagawad
8. Kgg. ANTONIA T. LASERNA - Kagawad
9. Kgg. ROY M. GONZALES - Kagawad
10. Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN - Kagawad
11. Kgg. MYTHOR C. CENDAÑA - Kagawad

Di-Dumalo:

1. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad
2. Kgg. AIZEL B. ALIPON - Kagawad

****

KAPASIYAHAN BLG. 88-2006

(Sa mungkahi ni Kgg. Gomez na pinangalawahan
nina Kgg. Factoriza, Kgg. Laserna
at Kgg. Gonzales)

ANG KAPASIYAHAN NA KUMIKILALA SA PAGDIRIWANG NG KAPISTAHAN NG PATRONA NG LUNGSOD – SANTA ROSA DE LIMA TUWING IKA-23 NG AGOSTO NG BAWA'T TAON AT PAGTATALAGA AT PAGKILALA NG PETSA BILANG "ARAW NI SANTA ROSA".

YAYAMANG, ang bayan ay nakapangalan, simula ng ito ay italaga, sa Patronang si Santa Rosa De Lima, na mula noong taong 1792 hanggang sa kasalukuyang ito ay isa ng Lungsod ay patuloy na kinikilala bilang Lungsod ng Santa Rosa na nagpapatunay lamang ng kahalagahan ng Patronang si Santa Rosa De Lima sa puso ng mga mamamayan, noon at hanggang sa kasalukuyan;

YAYAMANG, ang Patronang si Santa Rosa de Lima ay bahagi na ng Kasaysayan at Kultura ng Lungsod ng Santa Rosa, Laguna na nararapat lamang pahalagahan ng pamayanan;

Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon ay IPINASIYA ang pagkilala sa pagdiriwang ng Kapistahan ng Patrona ng Lungsod – Santa Rosa de Lima tuwing Ika-23 ng Agosto ng bawa't taon at pagtatalaga nito bilang "Araw ni Santa Rosa".

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinatotohanan:

ARLENE ARCILLAS-NAZARENO
Pangalawang Punong-lungsod

Pinagtibay:

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Punong-lungsod

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay para sa Ikalawang Pagbasa at sinipi mula sa katitikan ng Ika-13 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Panlungsod ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-7 ng Abril, 2006.

CYNTHIA M. GOMEZ
Kalihim Panlungsod

Received by:

EVELYN A. SANTOS